

*Joi Barrios*

**PAGLAMPAS SA GUHIT NA BILOG  
(Para kay Pierre)**

Kala-kalahati, pira-piraso  
Ako kung umibig.  
Isang paa sa loob,  
Isang paa sa labas,  
Ng guhit na bilog.

Ipinaglaban ko ang mga pagsintang  
Walang katuparan.  
Ikinataba ng puso  
Ang mga laro ng laman  
Ng laging laro lamang.  
At nabuhay akong pira-piraso,  
Kala-kalahati  
Ang pagtingin sa pagtangi.

At ika'y dumating.  
At ika'y dumating.  
At inibig ako nang buong-buo,  
Lampas-langit,  
Ano't labis labis?

Paanong naibabalik  
ang dalisay na pag-ibig?  
Anong itutumbas,  
Habang nangangambang  
Baka iyong masilip  
Na puso ko'y may pilat?

Ikaw ang huli,  
Ang tunay kong pag-irog.